# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

Semi-Annual Newsletter ng Carabao-based Business Improvement Network Project at Coconut-Carabao Development Project | Tomo 2, Blg. 1, 2023 | Unang Isyu




ISSN 2945-4808

# NILALAMAN


3 Para sa mas malakas na industriya ng gatas sa Davao Oriental

3 Maalab na pagkakalabawan sa Region II

4 Paggagatas sa Marinduque, sinimulan na

6 **CBIN and CCDP sites**

8 **CBIN and CCDP status as of June 2023**

10 23 Boholano, nakatapos ng FLS-DBP training

11 Bumisita na sa Dairy Box- Guimaras!

11 Benepisyaryo ng EPAHP, sumailalim sa pagsasanay ng DA-PCC-UPLB, DSWD



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

# ALAB KARBAWAN

## Editorial Staff

ERIC P. PALACPAC
ROWENA S. GALANG
**Editors**

RONALINE C. CANUTE
**Managing Editor**

DINE YVE D. DAGANOS
MA. CECILIA IRANG-MARIANO
RONALINE C. CANUTE
**Staff Writers**

ANGELO L. CORTADO
STEVEN MARX B. TANGONAN
JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA
LEINEFE L. ATON
AUBREY V. MANALO
**Contributors**

ESTELLA P. VALIENTE
**Subject Matter Specialist**

DINE YVE D. DAGANOS
**Layout and Illustrations**

RONALINE C. CANUTE
**Circulation**

CARO B. SALCES
**Editorial Adviser**


## PALIWANAG SA
# PABALAT

Noong dalawin ng matinding tagtuyot ang President Roxas, North Cotabato taong 1982, labis na naapektuhan ang pagsasaka sa lugar bilang pangunahing kabuhayan dito. Para maagapan ito, itinayo ang isang munting tindahan sa tulong ng parokya ng simbahan at dito nagbenta ng iba't ibang kasangkapan ang mga parokyano. Ngayon, ang Sta. Catalina Multipurpose Cooperative na nagmula sa maliit na kubo ay ganap ng isang multi-milyonaryong kooperatiba at patuloy na nagbibigay kabuhayan sa maraming tao sa pamamagitan ng dairying at iba pang negosyo nito. Ang dating lupang uhaw, ngayon ay sa gatas ng kalabaw nag-uumapaw.

(Larawang kuha ni **Rowena Galang**)






# Para sa mas malakas na industriya ng gatas sa Davao Oriental

Ni **Angelo Cortado**

**Sa ginanap na Provincial Agri-Fisheries Summit noong April 12, nilagdaan ni Davao Oriental Governor Corazon N. Malanyaon ang Memorandum of Agreement (MOA) na naglalayong magtayo ng bagong establisyemento ng Carabao-Based Business Improvement Network (CBIN) sa munisipalidad ng Cateel at lungsod ng Mati.**

Nilalayon nito na mapalakas ang industriya ng gatasang kalabaw sa pamamagitan ng pagpapataas ng populasyon ng gatasang kalabaw at pagpapatibay ng pagiging produktibo at kakayahang magbigay kita sa pagsasaka.

Bilang kasunduan, magkakaloob ang DA-PCC ng mga kagamitan tulad ng makinaryang panggatasan para sa post-harvest. Magbibigay din ang ahensiya ng gatasang kalabaw para sa mga miyembrong magsasaka ng mga kooperatiba.

Maliban sa mga kagamitan, magbibigay din ang DA-PCC ng forage planting materials, animal dewormers, at vitamin supplements. Magsasagawa rin ang ahensiya ng training at technical assistance para sa pag-aalaga ng mga gatasang hayop, at produksiyon, pangongolekta, pagpoproseso, at pagbebenta ng gatas.

Samakatuwid, bilang gobernador na naglalayong masolusyunan ang kahirapan at mapataas ang

Sundan sa pahina 4

# Maalab na pagkakalabawan sa Region II

Ni **Steven Marx Tangonan**

**DA-PCC sa CSU-Karagdagang 21 dairy crossbred buffalo and natanggap ng Liga ng mga Barangay ng Isabela Multi-Purpose Cooperative (LBIMPC) mula sa PCC at CSU noong Mayo 12, 2023.**

"Itong mga crossbred na gatasang kalabaw na maipapamahagi sa atin ay walang ibang handog kundi benepisyo kaya't marapat na pag-igihan natin ang pag-aalaga sa mga ito upang maipagpatuloy ang proyekto" ani Ferdinand P. Tejada, Municipal Agriculturist.

Sundan sa pahina 5

# Paggagatas sa Marinduque, sinimulan na

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**

**DA-PCC sa UPLB – Natanggap ng Marinduque Diocesan Development Cooperative (MDDCO) ang 37 kalabaw sa ilalim ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Project, Accelerating Livelihood and Assests Buildup (ALAB Karbawan) nitong Mayo 16, 2023 sa Provincial Capitol Compound, Brgy. Bangbangalong, Boac, Marinduque.**

"Ang layunin ng programang ito ay matulungan ang magsasaka at maging negosyante gamit ang mga kalabaw upang itaas ang antas nila sa buhay at makatulong sa pagdevelop ng dairy industry sa Pilipinas.", pagbabahagi ni Jose Canaria, CBED Coordinator ng DA-Philippine Carabao Center at UPLB (DA-PCC sa UPLB).

Nagpa-abot naman ng pasasalamat si Hon. Presbitero Velasco, Governor ng Probinsya ng Marinduque, MDDCO Chairperson, Carlito Fabaleña sa Provincial Veterinary ng Marinduque, DA-PCC, at sa PLGU.

Ayon sa kanya, ang proyekto ang simula ng pagbabago, bagong mukha ng lalawigan at bagong pagkakakitaan na magpapaunlad sa buhay ng mga magsasaka.

---

"Maganda itong proyektong ito upang palakasin ang hanap-buhay at mag acquire ng bagong kaalaman. Kailangan ng sipag at tiyaga upang umasenso sa buhay. Sa mga nakatanggap ng kalabaw, Mahalaga na alagaan ang mga ito."

**Gov. Presbitero Velasco**

# Para sa mas malakas na industriya ...

ekonomiya ng probinsiya sa pamamagitan ng kanyang mga programa, malugod na tinanggap ni Gobernor Malanyaon

ang proyekto dahil isa itong oportunidad na mapaunlad ang industriya ng gatas sa kanilang probinsya. Ito rin ay maaaring magbigay pa ng





ibang oportunidad para mapataas pa ang kita ng mga magsasaka.

Kasama sa paglalagda sina DA-PCC OIC Executive Director, Dr. Caro B. Salces ,Center Director Benjamin John C. Basilio ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM), Dr. Edito B. Sumile, Dr. Eric Dagmang, Ildefonsa Reyes, Cateel Municipal Agriculture Officer, at Nasrola Ibrahim, CBED Coordinator.

Mula pahina 3

# Maalab na pagkakalabawan...




Idinagdag pa niya na ang proyekto ay magbibigay daan para sa pagpapatayo ng mga pasilidad na gagamitin sa pag pro-proseso ng gatas sa kanilang bayan upang maitaas and produksyon ng dairy at balang araw ay makapag supply ng gatas sa mga katabing bayan ng Echague.

Nagbahagi rin ng kanyang pagsuporta sa programa ang Manager ng LBIMPC na si Helino B. Pangilinan na nagpaplanong gawin ang pamamaraan o estratehiya ng ibang matatagumpay na kooperatiba

“Kailangan nating magproposo ng ordinansa na magbibigay ng insentibo sa mga maggagatas at mag lilimita sa pagkakatay at pagbebenta ng mga babaeng crossbred upang mapanatili ang dami ng gatasang kalabaw sa ating bayan” ani Helino.

Sa kasalukuyan, ang proyektong ) Accelerating the Livelihood and Assests Build-up (ALAB Karbawan) ay naipatupad na ng DA-PCC at CSU sa limang (5) Probinsya sa Luzon kung saan anim na kooperatiba na ang nakatanggap ng 356 dairy crossbred buffalo. Animnapu’t walo dito ang natanggap ng LBIMPC.

The **Dairy Box** is an infrastructure support for smallholder dairy farmers and cooperatives assisted by the DA-PCC under its flagship program Carabao-based Business Enterprise Development (CBED).

It is designed to provide CBED stakeholders with an opportunity to gain access to the commercial market for greater income.

The first Dairy Box, which is a one-stop dairy hub that showcases products of local dairy cooperatives, was established in 2015 in the Science City of Muñoz, in Nueva Ecija and operated by the Catalanacan Multipurpose Cooperative Inc. (CAMCI).

Under the ALAB Karbawan intervention, **47 Dairy Boxes** have been established so far.




# DAIRY BOX SITES

•Aglipay, Quirino, Cagayan Valley
Asingan, Pangasinan, Ilocos Region
Bangued, Abra, CAR
Bansud, Oriental Mindoro, Mimaropa
•Calamba, Laguna, Calabarzon
Camalig, Albay, Bicol Region
Caoayan, Ilocos Sur, Ilocos Region
Dinalupihan, Bataan, Central Luzon
Dupax del Sur, Nueva Vizcaya, Cagayan Valley
Gubat, Sorsogon, Bicol Region
•Jalajala, Rizal, Calabarzon
Maria Aurora, Aurora, Central Luzon
Masinloc, Zambales, Central Luzon
Orani, Bataan, Central Luzon
Placer, Masbate, Bicol Region
Puerto Prinsesa, Palawan, Mimaropa
Rosario, La Union, Ilocos Region
San Pablo, Isabela, Cagayan Valley
Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Central Luzon
Tuguegarao, Cagayan, Cagayan Valley
Victoria, Tarlac, Central Luzon

Barotac Nuevo, Iloilo, Western Visayas
Carmen, Bohol, Central Visayas
Hamtic, Antique, Western Visayas
•Jordan, Guimaras, Western Visayas
Pandan, Antique, Western Visayas
•Par-ian, Cebu City, Central Visayas
Pinamungajan, Cebu, Central Visayas
Tagbilaran, Bohol, Central Visayas
Talisay City, Cebu, Central Visayas
Tanjay City, Negros Oriental, Central Visayas
Ubay, Bohol, Central Visayas

CBIN AND CCDP SITES

DAIRY BOX SITES

(Status update as of June of 2023.)

**22**

**LUZON**

Three (3) new established Dairy Box sites for the first semester of 2023 in Luzon island


**11**

**VISAYAS**

Two (2) new established Dairy Box sites for the first semester of 2023 in Visayas island

**14**

**MINDANAO**




Bayugan City, Agusan Del Sur, Caraga
Compostela, Davao De Oro, Davao Region
Dapitan, Zamboanga del Norte, Zamboanga Peninsula
Dumalinao, Zamboanga del Sur, Zamboanga Peninsula
El Salvador, Misamis Oriental, Northern Mindanao
Maitum, Sarangani, Soccskargen
Matanao, Davao Del Sur, Davao Region
Mati City, Davao Oriental, Davao Region
Montevista, Davao De Oro, Davao Region
Plaridel, Misamis Occidental, Northern Mindanao
Pres. Roxas, North Cotabato, Soccskargen
Surrallah, South Cotabato, Soccskargen
Talakag, Bukidnon, Northern Mindanao
Tukuran, Zamboanga del Sur, Zamboanga Peninsula

# ALAB KARBAWAN ACCOMPLISHMENTS SUMMARY AS OF JUNE 2023

No. of cooperatives engaged in the
**Milk Feeding Program**

**TOTAL**
**28**

## OPERATIONAL VALUE CHAIN

There are a **total** of **33** operational value chains established under the ALAB Karbawan project since its inception in 2019.

All segments of a Carabao-based Enterprise (CBE) value chain are present such as production and consolidation of milk, processing and marketing of products.






## ENTRUSTED BUFFALOES FOR CBIN AND CCDP

TOTAL
**3,424**

**CALVES BORN**
TOTAL **3907**

**FARMER RECIPIENTS**
TOTAL **1,480**

## NO. OF CONDUIT FARMER COOPERATIVES/ ASSOCIATIONS (FCAs)

The number of conduit FCAs engaged in CBEs maintained a steady growth since the project started in 2019.

**74** CONDUIT CO-OPS

**17** SCFOs
Small Coconut Farmers Organizations (SCFOs)

## VOLUME OF MILK PRODUCED

**702,819.91**
**LITERS**

Processing and marketing infrastructures established

TOTAL **34**

Processing and marketing infrastructures to be constructed

TOTAL **43**

# 23 Boholano, nakatapos ng FLS-DBP training



Ni **Leinefe Aton**

**Dalawampu't tatlong kalahok ang nagtapos ng Trainers' Training on Farmers' Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) noong Mayo 22-Hunyo 2, 2023 na ginanap sa Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm, Lomangog, Ubay, Bohol.**

Ayon kay Dr. Stella Marie Lapiz, Provincial Veterinarian ng lalawigan ng Bohol, na siyang pangunahing sponsor ng pagsasanay, ang training ay naglalayong bumuo at magkaroon ng kapasidad sa mga trainer sa paggawa ng extension works at para mapataas ang produksyon ng gatas at mas maraming magsasaka ang lumahok sa programa.

Sa pamamagitan ng isang value-chain analysis na isinagawa ng DA-PCC, nakita natin na talagang may kita sa dairy. Sa katunayan, nasaksihan natin ang mga magsasaka na nabago ang buhay sa pamamagitan nito" dagdag pa ni Dr. Lapiz.

Gayunpaman, idinagdag ni Dr. Lapiz na sa kabila ng mga benepisyo ng programa, iilan pa rin ang lumahok dahil sa isang karaniwang dahilan: ang kakulangan ng kaalaman sa pamamahala ng dairy buffalo – isang kaalaman na nakabatay sa parehong agham at karanasan, na maiaalok ng FLS .

Nilalayon ng FLS na mapabuti ang pamamahala ng mga dairy buffaloes sa bansa sa pamamagitan ng mga technology options para sa mga dairy buffalo farmers. Tinatalakay dito ang mga komprehensibong paksa sa pag-unawa sa potensyal ng produksyon ng dairy buffalo; forage and feed resources kabilang ang production, establishment, at conservation; proper feeding at different physiological stages; proper housing para sa mga bulo at adults; health management; disease prevention and control; assessing the suitability of cow's body condition and conformation for breeding; heat detection, breeding services, recording, and record-keeping; maximizing the use of proper genetics to increase milk production; milking the buffalo; milk handling and storage; milk quality testing; entrepreneurship and basic financial management; and enterprises out of the forage, milk, meat, and manure.

Pagkatapos ng bawat sesyon, ang mga kalahok ay sumailalim sa practicum at bumalangkas ng isang re-entry plan of implementation sa kanilang mga lugar.

Sa seremonya ng pagtatapos, binanggit ni G. Rodrigo Nuez ng First Consolidated Cooperative Along Tanon Seaboards (FCCT)-San Miguel kung paano nakatulong sa kanya ang pagsasanay na magkaroon ng mas malalim na kaalaman sa dairying at pahalagahan ang iba pang benepisyo nito

Para naman kay Leonediza Belleca ng Libertad Multipurpose Cooperative, ang pagsasanay ay napapanahon para sa dispersal ng mga kalabaw sa kanilang mga miyembro sa ilalim ng Coconut-Carabao Development Program (CCDP) ng Philippine Carabao Center (PCC) at Philippine Coconut Authority (PCA).

Samantala, ipinahayag ni Dr. Eric Palacpac, hepe ng Knowledge Management Division ng PCC at ang pinuno ng proyekto ng FLS kung paano makatutulong ang pagsasanay at ang mga nagsipagtapos sa pagpapalakas ng suporta sa extension sa mga dairy farmers.

Sa resulta ng post-test, lumalabas na ang mga kalahok ay nagkaroon ng 21.35% na pagtaas ng kanilang antas ng kaalaman sa dairy buffalo production.




# Bumisita na sa Dairy Box-Guimaras!

Ni **Ronaline Canute**

**DA-PCC sa WVSU-Maliban sa mga matatamis na manggang dinarayo ng mga bisita sa Guimaras, maaari nang bisitahin ng mga turista ang bagong bukas na Dairy Box sa San Miguel, Jordan, Guimaras.**

Ang pasilidad ay pamamahalaan ng Guimaras Employees Multi-Purpose Cooperative (GEMPC), na nagsimula sa pagproseso ng dairy nito noong Marso.

Mabibili sa dito ang mga fresh at locally-produced na produkto ng gatas ng kalabaw tulad ng white cheese, yogurt, fresh and flavored milk, at ice cream.

Nagpasalamat ang GEMPC Manager na si Raymundo L. Lao sa pagkakapili ng ko-op nila na pamahalaan ang proyekto.

Ito ang ikaapat na Dairy Box na binuksan sa tulong ng DA-PCC sa West Visayas State University. Ang tatlong iba pang Diry Box ay nasa probinsya ng Antique (Hamtic at Pandan), at isa sa probinsya ng Iloilo (Barotac Nuevo).

Ang pasilidad na ito ay itinatag bilang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project o mas kilala bilang “Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan” na ipinatupad ng DA-PCC at pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar.

# Benepisyaryo ng EPAHP, sumailalim sa pagsasanay ng DA-PCC-UPLB, DSWD

**Ni Jeremie Marinella Ledesma at Aubrey Vista Manalo**

**DA-PCC-UPLB—Nagsagawa ng social preparation at basic dairy buffalo training sa ilalim ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP) Zero Hunger project ang DA-Philippine Carabao Center sa UPLB (DA-PCC sa UPLB) at Department of Social Welfare and Development Region V (DSWD V) noong Mayo 24-25, sa Municipal Hall, Prieto Diaz, Sorsogon.**

Lumahok sa dalawang araw na pagsasanay ang dalawampu't limang benepisyaryo ng EPAHP Zero Hunger na convergence project ng DA-PCC sa UPLB at DSWD V. Ang mga kalahok sa basic dairy buffalo training ay pinagkalooban ng mga kasanayan at karunungan tungkol sa wastong pabahay at pamamahala, pangangasiwa ng nutrisyon, at pangangasiwa sa kalusugan ng hayop.

Ang programang EPAHP Zero Hunger ay naglalayon na maibsan ang gutom, tiyakin ang seguridad sa pagkain at nutrisyon, bawasan ang kahirapan sa mga urban at rural na komunidad (kabilang ang mga marginalized na komunidad), pagpapahusay ng kapital ng lipunan, at mapalakas ang batayan ng mapagkukunang pang-ekonomiya.
Bago ang pagsasanay, nagsagawa ang DA-PCC sa UPLB ng social preparation training na kilala rin bilang SPT (Pagsasanay sa Pagtanggap ng Programa ng Gatasang Kalabaw), upang tiyakin na naiintindihan ng mga benepisyaryo ang mga programa ng DA-PCC bago sumuong sa pamamahala, produksyon, at negosyo ng dairy buffalo.

Ang DA-PCC sa UPLB Training team ay binubuo nina Center Director Dr. Thelma Saludes, CBED Coordinator Engineer Jose Canaria, Farm Superintendent II Dr. Jessica Ortiz, Regional Knowledge Manager Marinella Ledesma, at Richard Nepomuceno.

# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

**ALAB Karbawan** is the popularized name for the Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) and Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Since 2019, the project has been implemented in 81 sites nationwide. The project is operationalized in service areas where all the development interventions and support are provided. This project is unique as it emphasizes on the crucial role of a strong cooperative conduit for each project location. The conduit will co-share with PCC in terms of project responsibility and accountability.

Meanwhile, cooperating local government units and other support agencies will ensure that assets will be used to improve the livelihood of the value chain players through herd buildup, organized collection of milk, and processing and marketing of products.

Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Program Components and Deliverables per Project Site:



**PRODUCTION**



**PROCESSING**



**MARKETING**



**CAPACITY BUILDING & TECHNICAL SUPPORT SERVICES**

**I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.**

DA-PCC K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

DA-PCC Virtual Tour

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

Department of Agriculture-Philippine Carabao Center

www.pcc.gov.ph

Philippine Carabao Center

oed@pcc.gov.ph